

KUMBATIHAN¹ NG LUNAN²: TALABTABAN NG PAG-IRAL SA CALVARIO NG MAUBAN

Nelson N. Turgo

Seafarers International Research Centre
School of Social Sciences, Cardiff University, UK.

ABSTRAK

Iba't iba ang gamit ng pook - pang-ekonomiya, lipunan, pulitika o ideolohiya, na maaari rin namang kumbinasyon ng dalawa o lahat na. Ang mga gamit ng pook, dapat namang mabatid, ay hindi nangyayari sa kawalan. Bahagi sila ng mahabang prosesong historikal. Ang kanilang gamit ay manipestasyon ng diskursibong pakikipagtalabtaban ng tao sa nag-iiba-ibang agos ng kasaysayan at mga materyal na pwersang panlipunan. Kasalikop din sila ng pagmamarka ng tao ng kanilang kairalang 'panghabang panahon' sa mundo ng di masupil na pag-inog at pagkilos, ng nakagugulantang na mga kapanandalian. Kaya naman, ang mga kapookan ay pagsuysoy din sa mga lunan na magkakasalikop at umiibabaw sa bawat isa - *heterotopia*. Sa madaling salita, proyekto ng artikulong ito na basahin ang Calvario, isang popular na pook-pasyalan sa Mauban, Quezon, sa katulad na pagpapalagay sa kairalan ng pook at lunan upang itampok ang kaniyang kakanyahang pangheterotopia at ugnayan sa mga prosesong historikal. Ang artikulong ito ay tungkol din sa kasaysayan ng Mauban, na pinalutang mula sa pag-iral ng iba-ibang lunan sa iisang pook. Papaksain ng artikulong ito, kung magkagayon, ang pagsasalunan ng lokal na kasaysayan, pagsasapook ng samu't saring naratibo sa iisang istrukturang pampubliko at kung magkagayon ay pakikibahagi sa pagigiit ng kritikal na perspektibong panlipunan sa kontemporaneong panlipunang teorya at pagsusuri.

Mga susing salita: alamat, heterotopia, kasaysayang lokal, lunan, modernidad, pasyalang pangturismo, pook

Places are used for various reasons whether they be economic, social, political or ideological or a combination of two or all of them. Such uses of place, however, do not happen in a vacuum. They are a part of long historical processes. Their uses are a manifestation of the people's discursive engagement with differing currents of history and material forces and their ways of stamping their 'permanence' in an otherwise world of unmitigated flux, of unsettling impermanences. Thus, places are also about spaces that overlap each other or present some alternate ordering called heterotopias. This paper reads Calvario, a popular town landmark in Mauban, Quezon, along that vein to highlight its heterotopic qualities and engagement with historical processes. In a number of ways, this article is about the town's history, evoked through the presences of multifarious spaces in one place made by the town's inhabitants through the years. This article therefore is all about spatializing local history, emplacing varied narratives into one material structure, and thus, contributing to the reassertion of critical social perspective in contemporary social theory and analysis.

Keywords: heterotopia, legend, local history, modernity, place, space, tourist spot

Introduksyon

Nitong huling uwi ko upang magbakasyon sa Mauban, kung saan ako lumaki at ginugol ang unang 16 na taon ng aking buhay, naisipan kong pumasyal sa Calvario, ang sentrong atraksyon sa aming bayan. Ang Calvario ay isang burol sa gitna ng Mauban, malapit sa palengke at plaza, puntahan ng mga Maubanin at taga-ibang bayan. Sa itaas, bukod sa pagkakita sa rebulto ni Jose Rizal, may pagkakataon ang aakyat na magkaroon ng malayang sipat sa kabayanan, mula sa kislap ng mga bubong sa katanghalian at indayog ng tagbik sa karagatan hanggang sa berdeng parang sa kanayunan.

Sa pag-akyat sa bungad ng burol, may sasalubong na kongkretong pader kung saan may panorama ng isang bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas, ang pagbaril kay Jose Rizal at dito'y nakaukit din ang mga salitang "Welcome to Rizal Hill Park" (opisyal na pangalan ng Calvario). Sa tabi nito, may maliit na nasusulat na indikasyon kung sino ang nagkaloob ng salapi upang mapaganda ang Calvario: Mauban USA of Northern California, isang samahang sibiko ng mga Maubaning naninirahan sa Amerika. Sa gilid ng burol paakyat sa tuktok, may isang malinis ang daan. Sa gilid, mayabong ang mga halamang-bulaklak. Ang mahabang hagdang magdadala sa aakyat sa tuktok ay bagong pintura din. Sa itaas, mukhang bago ang rebulto ni Rizal na lalong pinatingkad sa sungit ng init ng araw ng puting-puting pinturang ibinalot dito. Sa tabi ng plake nito, naroon pa rin ang paalalang ang nagtayo ng rebultong ito ni Rizal ay ang samahang Mauban Circle noong 1925.

Mula sa itaas tanaw ko ang kabayanan. Napapalibutan ang Calvario ng dikit-dikit na malalaki at maliit na bahay, ng prominenteng bubong ng mga gusaling pambayan, ng simbahan, ng tirahan ng mga mayayamang pamilya ng Mauban, at sa kalayuan kita ko ang mga bundok at palayang sumasanib sa kulayberdeng kagubatan. Nakakalula ang pagbaha ng aking nakikita at naiisip. Sa pook pasyalang ito, salimbayan ang mga hugpungang pangkasaysayan. Maraming sinasabi ang Calvario ng Mauban at ito ang paksa ng aking artikulo - ang mga nais ipahiwatig ng Calvario ng Mauban bilang kumbatihan ng lunan.

Sa pamamagitan ng pagtatanghal sa tatlong textong kultural: ang alamat ng Calvario; ang pagtatayo ng rebulto ni Rizal sa tuktok ng Calvario at ang pagpapaganda at pamamahala sa Calvario bilang pasyalang bayan na proyekto ng mga Maubaning naninirahan sa Amerika, himatong ng pag-aaral na ito na salungguhitan ang nalilikhang kumbatihan ng lunan sa Calvario. Sa kumbatihan ng lunan, nais kong ipahiwatig na nag-aangkin ang Calvario ng magkakasalikop na mga lunang maaaring magagap mula sa kultural na textong pag-aaralan. Sa patong-patong na mga lunan nananahan ang mga naratibo ng kasaysayang nagsisiwalat ng mga tunggalian at negosasyon ng pag-iral sa Mauban. Kapag sinabi namang texto, o bagay na maaaring basahin, ibig kong ipanukala na:

"[...] kasama nito ang iba pang mga produksyong kultural kagaya ng mga dibuho, mapa, tanawin at mga panlipunan, ekonomiya at pulitikal na institusyon. Dapat silang makita bilang mga gawaing mapagpahiwatig na binabasa hindi sa paraang pasibo kundi kapagkarakang muling sinusulat din habang binabasa. Ang pinaigting na nosyon na ito ng texto

ay nagsimula sa mas malawak na sipat na postmoderno, kung saan nakikita na kabahagi sila ng reyalidad at hindi lamang nanggagagad - na sa madaling salita'y bilang mga gawaing pangkultura ng pagpapahiwatig at hindi mga pag-uulit na referensyal. Sapagkat habang ang mga nasusulat na texto ay hindi lamang mga salamin ng realidad sa labas ng kanilang sarili, ang mga kultural na produksyon katulad ng tanawin ay hindi lamang ukol sa isang bagay na mas totoo kaysa sa ganang sarili. Kaya naman kahit na hindi referensyal, ang mga gawaing pagpapahiwatig ay intertextual sapagkat nakapaloob sa kanila ang iba pang mga textong kultural, at bunsod nito ay mapagbadya ng at produktibo sa kahulugan. Subalit ang kahulugang ito ay hindi nakagapos at istatiko. Ito ay nagbabago at nag-iiba batay sa mga pangkultura, kasaysayan at indibiduwal na salalayan. (Barnes at Duncan 5-6)⁴

Bilang mga textong kultural, sila'y produkto ng kanilang panahon, tampok na paraan ng umakda sa kanila na ihimatong ang pakikipagkumbati sa mga pwersang panlipunan at kapagkaraka'y itundos⁵ ang kanilang kairalang panglunan. Kumbaga, ang kumbatihan ng lunang bibigyang kritika ay siyang kolektibong ekspresyon ng mga indibidwal sa kanilang pag-unawa sa mga kaganapan sa paligid. Kaya naman, sa pamamagitan ng tatlong magkakasalikop subalit magkakaibang texto na nabanggit na sa una, nais kong ilantad ang mga hibla⁶ at hibo ng mga talabtabang nakapaloob sa Calvario ng Mauban.

Ang artikulo na ito, una, ay isang pagsulat ng alternatibong kasaysayan ng Mauban; ikalawa, ito rin ay pagsapol sa kahalagahan ng isang tampok na pasyalan bilang luklukan ng mga naratibong bunsod ng mga lokal, pambansa at global na kaganapan; ikatlo, pagtatampok din ito sa ahensya ng mga indibidwal sa pagmamarka ng kanilang pag-iral kaalinsabay ng kanilang pakikipagkumbati sa mga namamayaning mga pwersang historikal at ikaapat, ang papel ay pag-aatikhang ikumbati ang kahalagahan ng lunan sa kasaysayan, o ang pagsasalunan ng kasaysayan. Nais ko ring ihimatong, bilang dagdag, na walang iisang disiplinang nagbabakod sa layunin ng artikulong ito katulad na rin ng sambit ni Geertz (1993) ukol sa "blurring of genres." Kaya naman, ang artikulo ay maaaring basahin bilang isang pasada sa mga lakbayin ng antropolohiya, o kaya'y pagliliming pangheograpiya, at maaari ring ambag sa pag-aaral na pangkultura o dili naman ay isang explorasyon sa iba-ibang paraan ng hiwatig sa historiograpiya.

Sa kalakhan, ang papel na ito ay pagtalima sa panawagang magkaloob ng mas marubdob na atensyon sa lunan bilang lungsaran ng pananaliksik na panlipunan. Ang pagpansin sa halagahin ng lunan ay pagkakaloob naman ng empirikal na porma sa obserbasyon ni Berger (1974) kung saan:

maaari na ang lunan imbes na ang panahon ang nagtatago ng mga kaganapan sa atin, ang paglikha ng heograpiya imbes na paglikha ng kasaysayan ang nagkakaloob na mas mapaglantad na taktikal at teoretikal na mundo.

(Soja 1)

Kinakailangan kung ganoon, katulad ng nasasaad sa itaas, na itanghal ang mga natatagong naratibo ng lunan na kalimitang nakapaloob sa mga pook-tirahan, pasyalan o sa ilang pagkakataon, mga pook na ating iniwasan (katulad ng mga lumang bahay na anila'y minumulto). Kung magagawa ito, mas yayaman ang pakikipag-ugnayan natin sa kasaysayan lalo na sa kakayahan natin bilang mga ahente ng pagbabago na bigyang hugis ang ating paligid sa mga paraang nagtatampok ng hustisya para sa nakararami at hindi sa namamayaning uri lamang.

Sa kasunod na bahagi, ipaliliwanag ko ang metodo ng artikulo. Sasambitin dito ang ginamit na pamamaraan at kaisipan sa likod ng pagkalap ng impormasyon tungkol sa Calvario na may himatong sa pag-unawa sa textong pangkasaysayan nito. Pagkatapos, ipakiskilala ang Mauban upang bigyang kontekto ang papel. Inaasahang sa pamamagitan nito mas magkakaroon ng pagkakilanlan ang babasa sa Mauban. Karugtong nito ang pagpapaliwanag sa teoretikal na batayan ng artikulo: uunahin ko ang pagpapalawig sa nosyon ng kumbatihan na pinasimulan kong ipakilala sa talibaba sa pahina 1 at kasunod nito ay ang paghihimay sa usapin ng lunan at pagsasalugar ng heterotopia sa mas malawak na usapin ng agham panlipunan. Ang kasunod ay pagsipat sa kasaysayan ng Calvario gamit ang iba-ibang mga textong pangkultura upang magbuo ng alternatibong naratibong bayan. Dito, 'maririnig' ang kumbatihan ng lunan gamit ang alamat ng Calvario, ang pagtatayo ng rebulto ni Rizal sa panahon ng mga Amerikano, at pinakahuli, ang magkasalikop na proyektong pukawin ang tindig ng Calvario bilang mahalagang pook pangturista sa inisyatiba ng mga Maubaning naninirahan sa Estados Unidos. Sa pagtatapos, bibigyang linaw ang halagahin ng lunan sa pagbubuo ng lokal na kasaysayan, ang kasalimuotan ng pook, at ang mga posibilidad na hatid ng mga pagbigay kuro sa gampanin ng heograpiya sa mga usapin ng pag-iral.

Pagkalap ng Datos

Tatlong paaran ang ginamit upang kumalap ng datos na magtatampok sa mga kagamitan ng lunan ng Calvario at paghuhugis sa mga kwentong nakapaloob dito bilang textong kultural. Una, kinalap ang mga nalimbag na artikulo o anumang pag-aaral tungkol sa Calvario, partikular na yaong historikal na tala ukol sa kasaysayan nito. Pinakamahalaga sa mga nakalap ang aklat nina Genoveva Calleja-Ingles at Marta Almira Ferro na may parehong pagbanggit sa kasaysayan at alamat na nakapaloob sa Calvario ng Mauban. Ikalawa, nagpanayam ng mga Maubanin na may interes sa kasaysayan ng Mauban upang dagdagan ang mga datos na nakalap mula sa mga dokumento. Bukod sa mga Maubaning naninirahan sa paligid nito, kinapanayam din ang ilang mga Maubaning naninirahan sa ibang bansa na naging bahagi sa pagpapaganda ng Calvario. Ikatlo,

katulad ng nabanggit, nitong huling uwi ko sa Mauban, ilang beses akong pumasyal sa Calvario upang masdan ang pagbisita ng iba, ang kanilang reaksyon sa kanilang nakikita at ng aking sarili mismo, damhin ang kaligiran nito at gamitin ang sariling danas bilang hanguan ng datos (Coffey, 1999; Ellis et al., 2011; Ngunjiri et al., 2010). Sa pamamagitan ng mga metodong ito, inaakala na ang hugpungan at pagsasalisi-salisi ng impormasyon ay magdudulot ng mas matinkad na pag-unawa sa nag-iibang gamit ng Calvario na siya namang magbibigay hugis sa kahalagahan ng lunan sa pag-unawa sa salimbayang pwersang historikal na nagbubuo sa kurba at hubog ng Mauban.

Ang Mga Konsepto ng Kumbati, Lunan at Heterotopia

Sa kumbati, mahalagang isaloob ang sumusunod: ito'y isang gawaing ideolohikal. Ika'y nangungumbati sapagkat may nais kang sabihin, ibahagi sa kausap, likhain sa isip ng kausap.

Sa usaping komunikatibo, ang pakikipagkumbati'y paglikha ng espasyo ng pag-iral kung saan salimbayang puwersa ang nag-uusap: ang sarili, ang kausap, ang paksa. Ang tatlong nagkukumbating mga tinig na ito ay hindi lamang pagkukumbati ng ganang sarili. Anumang kumbati'y pagtatalaban din ng komunidad, nasyon-estado at ng global na komunidad. At sa tatlo ring ito, mula sa kanilang kakanyahan, may dalawa pa ring boses na nag-uusap, ang namamayani at ang naisasantabi. Kaya naman, anumang uri ng kumbati'y pakikipagtalabtaban ng sariling namamayani o naisasantabi sa komunidad (na namamayani/naisasantabi), nasyon-estado (na namamayani/naisasantabi) at sa global na komunidad (na namamayani/naisasantabi).

Ang kumbati'y hindi lamang nangyayari sa lebel ng salita o pakikipag-usap. Ang kumbati'y lumilikha ng mga panibagong paraan ng pakikipagkumbati na maaaring nasa porma ng isang akda, istruktura, larawan, mapa, plano, monumento, gusali. Hindi lamang tao ang nangungumbati. Lahat ay maaaring mangumbati. Ibig sabihin lamang, ang araw-araw na buhay ay araw-araw na pangungumbati. Ang pag-akda ng isang tula'y pangungumbati katulad din naman ng pagbasa nito. Ang pagtatayo ng isang istruktura'y pangungumbati katulad din naman ng pagbaklas nito upang magpundar ng bago. Gayon din ang pagpapasa ng isang batas o kaya'y pagdisenyo ng isang planong pambayan. Pagkumbati sila sa lahat ng maaaring puwersang sumuporta at humadlang sa kanilang balakin at adhikain.

Kaalinsabay ng kumbati, hindi rin naman nabibigyan ng kahit konting pagtingin ang konsepto ng lunan bilang lunsaran ng pag-aaral ng mga kaganapang panlipunan. O sa kalakhan, sa usapin ng teoryang panlipunan, katulad ng obserbasyon nina Berger (1974, 1976), Foucault (1980, 1984, 1994), Lefebvre (1991) at Soja (2004), mas nabibigyang pansin ang panahon kumpara sa lunan sa pag-unawa sa hulagway ng reyalidad o dili kaya, sa mga usaping napatutungkol sa pulitika, kultura, o ekonomiya ng isang pook

Masyadong di-matinag na gahum ang historisismo ng kamalayang teoretikal na bunsod nito'y tila natatago na ang kaagapay na kritikal na sensibilidad ukol sa kalunanan ng buhay panlipunan, isang praktikal

na kamalayang teoretikal na nakikita ang buhay-mundo ng kalagayang pagkamalikhain hindi lamang sa paglikha ng kasaysayan bagkus ay sa paglikha rin ng heograpiyang pangtao, ang panlipunang produksyon ng lunan at ang walang tigil na pormasyon at repormasyon ng mga tanawing heograpikal: ang panlipunan bilang aktibong pagpopook sa lunan at panahon sa lantad na historikal at heograpikal na kontekstualisasyon.

(Soja11)

Naisantabi kung ganoon ang halagahin ng lunan sa konstitusyon ng pang-araw araw na buhay sapagkat mas nangibabaw ang gayuma ng panahon sa pagsulat ng ating mga kasaysayan. Sa pagsasagilid sa lunan, nakita ito bilang patay, di-matinag, di-diyalektikal, nakatigil. Ang panahon, sa kabilang banda, ay kayamanan, kasaganaan, buhay, diyalektikal. (Foucault70)

Sa pagbibigay ng boses sa lunan o sa pagkakaluob ng kapangyarihan sa lunan na isiwalat ang naratibo na nakapaloob sa bawat pook, nagbubukas tayo ng pinto upang silipin at kapagkaraka'y mapalaya ang mga tagong usapin na may halagahin sa kontemporaryong buhay. Ayon nga kay Soja:

marapat lamang na malay tayo kung paano ang lunan ay nagtatago ng mga kaganapan mula sa atin, kung paanong ang mga relasyong pangkapangyarihan at disiplina ay nakaukit sa inaakala nating inosenteng kalunanan ng buhay panlipunan, kung paanong ang pangtaong heograpiya ay napupuno ng pulitika at ideolohiya. (2004, 6)

Sa asersyong ganito, makikitang hindi pasibo ang lunan. Mayroong siyang sinasambit at kasapakat siya ng mga nagtutunggalian at nagsasalimbayang puwersa sa lipunan. Produkto ang lunan ng mga kaganapang pulitikal at panlipunan (Harvey 1989, 2006; Lefebvre 1991). At habang resulta ang lunan ng balitaktakan sa kasaysayan, kahit ito mismo ay nakikibalitaktakan din at kabahagi sa pagbubuo ng kasaysayan. Ang paglikha sa lunan ay hindi ang katapusan nito. Ito pa lamang ang kanyang simula. Aking himatong na sa paglikha ng lunan, lumilikha din ng mga naratibong batay sa panahong kinapapalooban nito. Laging ang luna'y hindi hiwalay sa lipunang sa kanya'y lumikha. Habang patuloy na hinahabi ng tao ang kanyang kasaysayan, hindi piping saksi ang lunang kanyang kinatatayuan. Nakikialam ang lunan sapagkat siya mismo'y pinakikialaman ng tao.

Sa pagkakaloob ng puwang sa konsepto ng lunan na magsiwalat din ng 'katotohanan' ukol sa ating buhay, hindi naman ito nangangahulugan ng pagtatakwil sa halagahin ng panahon bilang paraan ng pagsilo sa mga kaganapan at pagbabagong panlipunan. Hindi ito ang layon ng pagpapalutang sa aseryong itampok ang lunan sa mga kritikal na pag-aanalisa. Hindi dapat pagsabungin ang dalawa at pumili lamang ng isa sa kanila, sapagkat:

[...] mula sa mga nagsasabong na polemiko ay nagmumula rin ang iba pa, isang mas nakakaangkop at balanseng kritikal na teorya na nagsasalikop sa paglikha ng kasaysayan sa panlipunang produksyon ng lunan, kasama na ang konstruksyon at konfigurasyon ng pantaong heograpiya. Ang mga bagong posibilidad para sa isang magkasabayang historikal at heograpikal na materyalismo; isang tatluhang diyalektiko ng lunan, panahon at panlipunang tao; isang transformatibong muling pagteteorisa ng mga relasyon sa pagitan ng kasaysayan, heograpiya at modernidad. (Soja12)

Bunsod ng nasasaad sa itaas, ang pag-ukilkil sa kalikasan ng lunan sa pagpapaliwanag ng kasalimuotan ng mga prosesong panlipunan na nagpapabago ng ating pagdanas sa mga pook ay isang mapanghamong gawain lalo na sa kontekto ng pag-unawa sa lipunang Filipino. Kaalinsabay nito, laganap na ang paggamit ng heterotopia sa pag-unawa sa kalikasan ng mga pook mula sa mga syudad mismo (Guillot 2008; Petti 2008; Soja 1995) hanggang sa mga pamilihan (Gagne 2011), pook pangturismo (Kern 2008; Lee 2012), pook pagawaan (Saloma-Akpedonu 2006) at mga aplaya (Androit 2010). Sabihin pa, malawak na ang pagpanukala ng mga iskolar na malaki ang tulong ng heterotopia sa pag-unawa natin sa kasalimuotan ng kasalukuyang panahon. Sa pamamagitan ng paggamit ng heterotopia bilang aparatung panggagap sa kasalimuotan ng mga pook at ang mga lunang nakapaloob sa kanila, aking binibigyang pansin ang tila kakulangan ng pag-aaral sa Pilipinas na may tuon sa mga pagsasalunan ng mga pang-araw-araw na relasyon natin sa mga pwersang panlipunan at ang pagbibigay boses sa mga tagong kumbatihang nakapaloob sa mga pook na ating kalimitang nakikita o pinapasyalan. Pagpapatuloy din ito sa nasimulan ng pagtatangka ng ilang Filipinong akademiko na suriin ang kasalimuotan ng ngayuning buhay gamit ang lente ng lunan. (Tingnan halimbawa sina Guieb 2000; Saloma-Akpedonu 2006; Tolentino 1999 at Turgo 2012)

Sa mga teorista ng lunan, isa sa mga nakakarahuyo ang hilatsa ng kritika ay si Michel Foucault. Bagamat hindi niya kinategorisa na heograpikal ang kanyang mga pag-aaral tungkol sa mga usapin ng modernidad, sumisirit naman ang kanyang mga akda sa panggagap sa kasalimuotan ng kontemporaryong buhay gamit ang mga parametro ng lunan (tingnan halimbawa ang Foucault 1988, 1995). Sa mga konseptong kaniyang ipinanukala, isa mga nagbigay ng linaw sa kalikasan ng lunan sa ating panahon at ang mga tagong kumbating nakapaloob dito ay ang heterotopia. Ang konseptong ito ni Foucault (1997) ang aking gagamitin sa pagpapaliwanag ng kasalimuotan ng Calvario bilang kumbatihan ng lunan.

Para kay Foucault, lahat ng lipunan sa mundo ay may kanya-kanyang heterotopia. Ito ay mga pook na direktang kabaligtaran ng iba pang mga pook na kasabayang kumakatawan, kumakalaban at nagpapabago sa kanilang kairalan. Dagdag pa ni

Foucault, “ang mga pook na kahalintulad nito ay labas sa lahat ng mga pook, kahit pa nga mayroong posibilidad na ihimatong ang kanilang lokasyon sa realidad.” (1997, 349)

Sa pagpapaliwanag niya ng heterotopia, sa anim na prinsipyong binanggit, ang ikatlo ang maaari nating hanguan ng pagpapakahulugan sa Calvario.

May kakayahan ang heterotopia na magkasabayang itampok sa iisang totoong pook ang maraming lunan, iba-ibang pook na sa ganang sarili ay hindi maaaring magsama. Kaya naman ang teatro ay nagdadala sa rektanggulo ng entablado, isa matapos ang iba, ng isang buong serye ng mga pook na banyaga sa iba pa; kaya naman ang sinehan ay isang kakatwang rektanggulong silid, kung saan sa katapusan, sa dalawang dimensional na tabing, ang isa’y nakikita ang projeksyon ng tatlong dimensional na lunan, [...]. (351).

Katulad ng nasasaad sa itaas, may kakayahan ang heterotopia na pagsamahin sa iisang pook ang iba-ibang lunan na maaaring kumakatawan sa magkakasalungat na prinsipyo o kaisipan o dili kaya’y pisngi ng kasaysayan. Ang mga lunang ito’y walang ugnayan sa bawat isa subalit bunsod ng kakayahan nilang magkaiba’t magsama, nagkakaloob naman ito ng pagkakataong palutangin ang kanilang kakanyahan na hindi sumasanib sa iba pang lunan. Kaya naman, sa isang pook, lumulutang ang salimbayang paggitaw ng mga lunan na nagbabadya ng samu’t saring kaisipan. Sa Calvario ng Mauban, ito ang hamong haharapin. Ilalantad ng papel ang kumbatihan ng lunan at bibigyang hugis ang mga isyung nakapaloob sa mga lunang mayroon ang Calvario.

Ang Bayan ng Mauban

Ang Mauban ay isa sa 40 bayan sa lalawigan ng Quezon. Matatagpuan sa baybayin ng Lamon Bay, kalapit bayan nito ang Tayabas, Sampaloc, at Lucban. Dalawang pangunahing daan ang maaaring bagtasin upang makatungo rito: ang Mainit Road na daang Tayabas at Sampaloc Road na daang Lucban na mag-uugnay naman sa Mauban sa Lungsod ng Lucena. Bagamat sa bahaging kanluran ay kanugnog na bayan na ang Real, wala pa ring nagagawang daan patungo rito. Nagtataasang bundok at di-masikatan-ng-araw na kagubatan ang naghihiwalay sa kanila. Kung makagagawa sana ng daan, mas mapadadali ang transportasyon patungong Maynila na kalimitang nagtatagal ng anim na oras. Noong taong 1995, may populasyon itong 47,442 at noong 2010, umigkas ito sa bilang na 59,238. Agrikultura at pangisdaan ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao. Ilan sa mga kilalang personahe na nagmula dito ay sina Fr. Horacio dela Costa, Justice Pastor Endencia, Jose Ingles, Phillip Ella Juico, Rene Saguisag at Sheila Ysrael. Dahil coastal town, kilala ang Mauban sa mga dalampasigan nito partikular na ang baybaying dagat ng isla ng Cagbalete, ang kinikilalang Boracay ng lalawigan ng Quezon bunsod ng pino at puting buhangin dito. First class na munisipalidad na rin ang Mauban dahil

sa malaking buwis na ibinabayad ng Quezon Power Limited (QPL) na nagsu-supply ng elektrisidad sa buong isla ng Luzon.

Ang Calvario ng Mauban: Ilang Historikal na Tala⁷

Dating kaugnay ng kabundukan ng Sierra Madre ang Calvario na unti-unting humiwalay at nagkaroon ng sariling kasaysayan sa pagdaan ng panahon. Kakabit ito noon ng mataas at makitid na kabundukan na lagpas sa dakong hilaga at silangan ng mga bangin ng Tarapichi (isang sityo na matatagpuan sa Barangay Lual Barrio) at sa dakong Timog ay mga sakahan.

Sa paglipas ng mga taon at sa pagdami ng mga naninirahan sa Mauban bunsod ng imigrasyon mula sa mga kanugnog na pook, nagkaroon ng pangangailangan na lumikha ng daan patungo sa mga magkakalapit na lugar, kasama na ang Sitio Polo (ngayon ay barangay na) na malapit sa ilog ng Maapon. Ang daan ay inuka mula sa mataas at makitid na bahagi ng bundok. Sinasabing nasa 50 taon ang nagdaan upang maipantay nilikhang daan mula sa kabundukan sa kapatagan upang mapadali at maging maalwan para sa mga Maubanin ang paglalakbay. Makitid ang daang nalikha at kabayo lamang ang nakalalagpas. Sa pagdaan ng panahon, habang umuunlad ang Mauban at dumarami ang dumarayong sasakyan, ang daang ito na kinikilala ngayon bilang Daang Quezon ay lumuwag na nang lumuwag at nakabilang na sa pambansang lansangan na may sukat na 6.10 metro ang lapad.

Ayon sa impormasyong kinalap mula sa matatandang naninirahan sa paligid ng burol, ang nagmamay-ari ng Calvario ay ang mga ninuno ni Lucas Pastrana Jr. Ito ay bahagi ng lupang pagmamay-ari ng pamilya Pastrana na sumasakop sa muhon at kinatatayuan ng Mababang Paaralan ng Timog Mauban. Sa inisyatiba ni Doña Marciana Orejola Pastrana, naganap ang paghihiwalay ng Calvario mula sa bulubundukin ng Sierra Madre ng magtayo siya ng tirahan sa dakong Kanluran ng bundok sa pagsasara ng ika-19 daang taon. Asawa siya ng sibilyang Espanyol na si Blanco Perez.

Noong panahon ng mga Kastila, ang nasabing gusali ay ginawang *garrison* o kuta ng mga sundalong Kastila at ang Calvario naman ay ginamit na lugar bantayan. Naging pook tagpuan ang Calvario ng mga Kastila at kaliwanagan ng buwan ay pumapanhik sila sa kaitaasan ng burol upang doon mag-awitan. Ginamit din ang burol para sa panrelihiyong layunin tuwing Mahal na Araw kung kaya't tinawag ito ng mga Kastilang Calvario, alaala ng Bundok ng Golgotha kung saan napako si Kristo.

Nang dumating ang mga Amerikano sa Pilipinas, ang kumbento ay ginamit bilang punong himpilan ng mga Amerikanong sundalo. Muli, ang burol ay ginamit na lugar manmanan at ang dakong ibaba naman ay ginamit na kusina. Sa tuwing darating ang paggunita sa kalayaan, noong panahon ng mga Amerikano, nagkakaroon ng “*fireworks display*” sa ibabaw ng burol. Ang nag-iiba-ibang gamit ng Calvario sa mga panahong ito ay kakikitaan na katulad ng nais ipanukala ng artikulo ng pagkubakob ng nag-iibang ideolohikal na interes ng mga namamayaning pwersang panlipunan. Bawat dispensasyon ay may pagmamarka ng kanilang pag-iral sa mga pook na sinasakop. Pansinin na kung panrelihiyon ang tampok na kakanyahan ng Calvario sa panahon ng mga Kastila, sekular naman ang tuon noong panahon ng mga Amerikano.

Noong 1925, ang Mauban Circle⁸, isang sibikong organisasyon sa Mauban na kinasasaniban ng mga kabataang Maubanin na nag-aaral sa Maynila, ay nagtayo ng rebulto ni Jose Rizal sa tuktok ng Calvario. Naglagay din ng hagdanan mula sa hilagang

bahagi ng burol. Matapos maitayo ang monumento, tuwing ika-30 ng Disyembre ay inaalayan ito ng bulaklak. Si Punong Bayan Pancrasio Moreno ang siyang nag-utos ng pagpapatayo ng kongkretong hagdan sa ibabaw ng burol noong 1945. Simula noon, inangkin na ng pamahalaang lokal ang pangangalaga sa Calvario. Naputol lamang ito noong Agosto 10, 1989 nang hilingin ng mga Maubaning naninirahan sa Estados Unidos, partikular na ang mga miyembro ng samahang Mauban USA, Inc. at Mauban Association of Northern California, na ibigay sa kanila ang karapatang ayusin at pangalagaan ang lugar na ito. Ipinagkaloob ito sa kanila sa pamamagitan ng isang resolusyon ng Sangguniang Bayan.⁹

Ang Calvario ng Mauban Bilang Kumbatihan ng Lunan

Ang Calvario ng Mauban ay panandang bato sa Mauban. Ito ang nagsisilbing ground zero ng bayan. Kalimitan, kapag may mga dayo, hindi nakakalimutang pumasyal dito. Awtomatiko ang sambit ng lahat ng bumibisita: pumunta sa Calvario at doon pagmasdan ang buong bayan.

Subalit marapat sabihin na ang Calvario ay hindi lamang isang pasyalan, isang pook o lokasyong tinatanaw at natatanaw. Mas higit pa dito ang Calvario. Ang Calvario rin ay lunan ng mga nagtutunggalian at magkakasalikop na naratibo. Magsimula tayo sa pamamagitan ng pagtutok sa nasulat na “Alamat ng Calvario” na kasamang nalimbag sa aklat-kasaysayan ni Genoveva Calleja-Ingles noong 1956 at muling nalimbag noong 1980 sa aklat ni Marta Almira-Ferro na “Katipunan ng mga Alamat.” Walang nakababatid kung kailan narinig o nagsimulang maglipat-labi ang alamat na ito subalit ipinapalagay na sa mga unang dekada ng 1900, sambit-sambit na ito ng Maubanin (Ingles 2006).

Ayon sa alamat, noong unang panahon, may naninirahang mag-ina sa paanan ng burol (na ngayo’y Calvario) na sina Lakan at Lakambini:

“Si Lakambini ay isang magandang dalaga. Pagsikat ng araw ay makikita siyang nagtatampisaw sa batis, sinusugsog pa ang hulo sa kagubatan, bago magbabalik sa tabsing¹⁰ na ilog. Tulad ng mga diwata, mga ibon ang kalaro, sariwang bulaklak at tubig ang aliwan.” Marami siyang manliligaw subalit hindi niya pinapansin ang mga ito. Isa na rito ang isang Kastilang may-ari ng mga mapuputing usa at manok. Isa ring engkanto ang Kastila. May gusto siya kay Lakambini subalit may kasintahan na ang huli, isang sirena. Sa pagkikita ng magkasintahan, lagi’t lagi nang iniimbitahan ng sirena si Lakambini na bisitahin ang kanyang kaharian sa ilalim ng dagat. Hindi naman mapapayag si Lakambini. Natatakot siyang malunod kung kaya’t hiniling na lamang na dalhan siya ng kumikinang na mga bato

at perlas. Subalit nang minsang umuwi si Lakambini, nasalubong niya ang Kastilang engkanto. Inanyayahan siyang makipagsayaw doon sa itaas ng bundok. Itinuro ang nagliliwanag na sayawan nila at ipinarinig pa ang kawili-wiling tugtugan. Si Lakambini'y nahikayat sumama at namalikhata.”

Hindi na nakabalik mula noon si Lakambini. Hinanap siya ni Lakan subalit hindi natagpuan. Nang minsang dumating ang sirena upang dalhin ang kanyang pangakong kumikintab na mga bato at perlas, laking gulat nito nang malamang matagal nang nawawala si Lakambini. Ayon sa kanya, matagal na siyang may kutob na ang Kastilang engkanto ang may kagagawan nito. Iniwan niya ang dala-dalang hiyas kay Lakan at kapagkaraka'y sumumpa bilang ganti sa kumuha kay Lakambini na palulubugin niya ang bayan sa baha. Nagsumamo naman si Lakan na huwag nang palubugin ang bayan at hayaan na lamang siyang humanap kay Lakambini. Magmula noon ay hindi tumigil sa paghahanap sa anak si Lakan. At dahil nag-iisa na sa buhay, nahumaling siya sa tunog ng kampana at sa simbahan niya ginugol ang panahon. Naging madasalin siya. Hanggang isang araw, naramdaman ni Lakan na malapit na siyang mamatay. Nagpilit siyang tunguhin ang lugar sa Calvario kung saan niya ibinaon ang kayamanang nagmula sa sirena. Subalit binawian na siya ng buhay bago pa man niya magawa yaon. Sa kanya namang pagkamatay ay himalang muling nakabalik si Lakambini. Subalit isa na itong baliw.” Patakpong humalakhak. Nakitang patakbo ring sumalunga sa Calvario at ng nasa tuktok na, gumitaw sa alaala ang larawan ng sirena na ikinatakot, ikinahulog sa libis, gumulong-gulong hanggang sa humantong sapiling ng bangkay ng ina. Nang ito ay makita ay napasigaw, saka niyakap nang buong higpit. Maya-maya'y isa na ring bangkay si Lakambini. Samantala, ang mahiwagang kayamanan ay

mananatiling nakabaon sa paghihintay ng kanino mang may pagnanais
manangan sa isang kabuhayang mariwasa't matatag.” (Calleja-
Ingles12-13, tingnan din sa Ferro45-46)

Bakit mahalaga ang alamat na ito? Hindi ba't ang alamat ay walang empirikal na batayan at kung ganoon ay hindi maaaring magpanukala ng direktang ugnayan sa reyalidad? Aking dulong na kagaya ng iba pang mga naratibo, ang mga alamat ay hindi nabuo mula sa kawalan. Mayroon silang pinagmulan. Sila ang paraan ng ating mga ninunong ipaliwanag sa iba at sa kanilang mga sarili ang masalimuot na mga pagbabago sa lipunan. Ayon nga kay Mojares:

Ang mga kuwento ay sinasambit na kalangkap ang kanyang espasyo at panahon. Sila ay mga lumulutang na agiw ng pagpapakahulugan na hinahagilap at minamarkahan ang mga pinag-iwanang hugis at nilalaman ng mundong ating pinaninirahan bilang isang komunidad ng mga tagapaghabi ng kuwento at tagapakinig. Dahil dito, nagbibigay ang mga alamat ng paraan upang muling balikan ang nakaraan, ang muling pagsagip mula sa pagkawala ng mundo, at pag-unawa sa nakaraan at kasalukuyan. (2002, 4)

Kaya naman maaari nating gawing lunsaran ang alamat na ito upang silipin ang posibleng estado ng kaisipan ng mga Maubananin noong una ukol sa kanilang relasyon sa mga puwersang panlipunan ng kanilang panahon.

Litaw sa naratibo ng alamat ang maigting na relasyon nito sa kasaysayan ng bansa. Katulad ng iba pang mga kuwentong bayan, makikita sa akda kung paano hinabi nito sa tela ng kanyang salaysay ang tagpuan ng katutubo at kolonyal na panahon. Ang lunang sinasambit dito ay hugpungan at kumbatihan ng katutubo at ng puwersang kolonyal. Pansinin ang pangalan ng mag-ina, Lakan at Lakambini, mga katutubong ngalan sila. Namumuhay sila sa isang malaparaisong lugar kung saan “may maaliw-iw na batis na sumasalikop sa isang bundok na may katamtamang taas at laki. Ang paanan sa gawing dagat ay ang pinagtagpuan ng batis at ng ilog na lumaki-umunti ang tabsing na tubig na nagbubuhay at bumabalik sa sabang ng Ilog Maapon (Calleja-Ingles, 12).” Malaparaiso ang lugar, matiwasay at walang kaguluhan. Mayroon ding di-pangkaraniwang elemento ng naratibo: sirena ang kasintahan ni Lakambini. Kakatwa ito sapagkat kasabayang binabanggit sa kuwento ang Kastila at ang pag-iral din naman ng isang kakatwang nilalang. Magkapanabayang umiiral sa alamat ang dalawang mundo: ang mundo ng dati at bago, ibig sabihin, ang mundo bago dumating at pagkarating ng mga mananakop. Subalit hindi lamang ganito kasimple ang ipinapahiwatig ng kuwento. Pansinin na hindi lamang Kastila ang tawag sa manliligaw ni Lakambini, engkanto rin siya.

May pinagmulang pagpapalagay o kultural na kontekto ang pagtawag sa Kastila bilang engkanto. May dagil pulitikal ang ganitong pagmamarka ng identidad. Nagmula

ang ganitong katawagan kasabayan ng pagdating at pananakop ng mga Kastila sa bansa. Ang kanilang pagdating sa bansa ay maaaring tawaging “clash of spirits.” (Aguilar 33) Naghalo kumbaga ang balat sa tinalupan. Ang dating paniniwalang animistiko ay sinapian ng paniniwalang Romano Katoliko. Ayon nga sa paliwanag ni Aguilar:

Bagamat may kakulangan sa kumbensiyonal na ebidensyang pangkasaysayan, masasabing ang sirkumstansiya ng pananakop ng Espanya sa pangunguna ng mga prayle o taong simbahan ay tumimo sa kaisipan ng mga katutubong Filipino bilang pagsalakay na ispiritwal, isang malawakang panghihimasok ng mga Hispanikong ispiritung-nilalang. Na sa ganitong perspektibo tiningnan ng mga katutubo ang pagdatal ng mga Espanyol sa bansa at sa ganito ring pagtingin nila kinasalamuha ang mga radikal na pagbabago sa paligid ay makikita sa mga Espanyol na salitang pumasok at naging bahagi ng maraming wika sa Pilipinas. Ang ilan sa mga salitang Kastila na tumutukoy sa di-malirip na mundo ng kababalaghan na ginamit rin ng mga Filipino sa pagtukoy sa katutubong mundo ng di-maipaliwanag ay ang mga sumusunod: engkanto (mula sa encanto), dwende (duende), multo (muerto), maligno (maligno), kapre (cafre), santelmo (Fuego de Santelmo), sirena (sirena) at taga-lugar (espíritu sa kapaligiran). (33)

Mahalagang punahin ang ilang punto sa alamat. Ang engkantong kumuha at nagdulot ng pagkabalih kay Lakambini ay isang Kastila. Ang Kastila at ang engkanto ay iisa. Sa sinaunang paniniwala, kinatatakutan ang engkanto. Kinukuha nito ang mga taong nagugustuhan. Siyempre pa, isang masamang espiritu ang engkanto na sumisira sa maayos na kaayusan ng lipunan o buhay ng taong nabibiktima nito. Narito ang tagong naratibo ng alamat. Kung susuriing mabuti, hindi lamang ito isang alamat bagkus ay isang sumisirit na pagbasa at pagsipat sa epekto ng kolonyalismo sa bansa o sa Mauban kaya.

Sabihin pa, maligayang nabubuhay ang mga Maubanin na kinakatawan nina Lakan at Lakambini bago dumating ang Kastila/engkanto. Malaya silang nakikipagtalastasan sa mga puwersa ng kalikasan at sa mga nilalang na lagpas sa reyalidad na kanilang kinabibilangan. Maaaring makatungo si Lakambini, na isang mortal, sa pusod ng dagat sakay ng isang pawikan. Ang kanyang kasintahan ay isang sirena. Nabulabog at nasira ang kahat ng dumating ang Kastila /engkanto. Kinuha niya si Lakambini. Nagalit ang sirena at sumumpa ito na magdulot ng di-malirip na baha/kalamidad sa bayan. Hindi na rin ito nagpakita pagkatapos nito. Pinutol na ng sirena ang kanyang ugnayan sa mortal na daigdig. Bunsod nito at dahil sa Kastila/engkanto, nasira ang buhay ng mag-ina at sa

pagpapakahulugan naman, maaaring sabihing nawasak ang tila paraisong pamumuhay ng mga Maubanin bunsod ng pagdating ng mga dayuhan.

Sa usapin ng pananampalataya, pansining bagamat naging relihiyoso si Lakan sa huling bahagi ng alamat, ito ay naganap lamang bunsod ng pagkabagot. Wala na siyang magawa kung kaya't ibinaling na lamang niya ang kanyang panahon sa relihiyon. Kung iisipin, nagi siyang Romano Katoliko hindi dahil sa dito niya natagpuan ang hinahanap na pagkaligtas o kaligayahan. Nabagot siya kaya naging relihiyosa. Sa pagkikita ng mananakop at sinakop, ayon nga kay Greenblatt (1991), maaari itong magbunsod ng "assimilation of the other." Dito, hindi malinaw kung sino ang nagwagi sapagkat hindi naman ganap na nakubakob ang sinakop. May ahensya pa rin ang huli, kahima't limitado, na ipundar ang pansariling pagtanggap sa mga dinalang kultural na aparatu ng dayo. May alingawngaw ito sa obserbasyon ng maraming mananaliksik sa kasaysayan sa uri ng pagtanggap ng mga katutubong Filipino sa relihiyong isinaplak ng mga Kastila sa mga katutubong Filipino (tingnan din si Cruz-Lucero 2006). Halimbawa, ayon kay Iya sa kanyang sipi kay Jocano (1975):

[...] sa kabila ng kolonisasyon, napanatili ng mga Filipino ang kanilang identidad at pagtingin sa buhay. Ibig sabihin lamang, hindi naging pasibo ang mga Filipino sa mga panlabas na impluwensya bagkus ay kinanya nila ang mga panlabas na impluwensyang yaon at hinulma batay sa kung ano ang makabubuti sa kanila at naaangkop sa kanilang kagustuhan (2012, 112).

Kaya naman maaaring ipalagay na hindi naman talaga nilamon ng Romano Katolikong paniniwala ang kosmos ng mga Filipino. Inangkin pa rin ng mga Filipino ang ahensyang pumili ng nais nila mula sa sanlaksang ritwal na nakapaloob sa pagsambang Katoliko. Halimbawa kahit sa kasalukuyang panahon, may elemento pa rin ng katutubong ritwal ang Romano Katolikong paniniwala ng maraming Filipino (tingnan halimbawa si Mercado 1982). Kaya naman, ang alamat ng Calvario ay maaaring basahin bilang kumbati ng mga Maubaning nabuhay sa panahon ng mga Kastila ukol sa kanilang danas sa ilalim ng kolonyalismo. At ang alamat na ito ay ang lunang kumukubakob pa rin sa Calvario at gumigitaw sa alaala ng mga Maubanin hanggang sa kasalukuyan.

Subalit hindi dito nagtatapos ang kumbati sa Calvario. Ang lunang nalikha ng alamat ukol sa kritika ng Mauban sa pagdating ng mga Kastila ay dadagdagan kapagkaraka ng isa pang kumbati na nauukol naman sa pagtatayo ng monumento ni Rizal sa tuktok nito noong 1925. Dito, mula sa pagkritika sa hilahil na dala ng mga Kastila sa katiwasayan ng buhay-katutubo, lilikha muli ng bagong lunang kukumbati naman sa pagtanggap na gagawin ng mga kabataang Maubanin kay Rizal noong panahon ng mga Amerikano.

Masasabing ang pagtatayo ng rebulto ni Rizal sa Calvario ng Mauban ay hindi isang panarili o kakaibang pangyayari. Sa opisyal na pagkatalaga sa Amerika bilang bagong mananakop ng bansa pagkatapos ng 333 taong pamamahala ng mga Kastila noong 1899, kinailangan nila ang mga pamamaraang magbibigay ng lehitimasyon sa kanilang pamumuno. At dahil malakas ang pagtutol sa maraming lugar sa bansa sa mga unang dekada ng hegemonyang Amerikano sa bansa...

“ang pangunahing tungkulin ng pamahalang kolonyal sa mga unang dekada ng kanilang pananakop ay puksain ang malaganap na paghahangad ng maraming Filipino na makamit ang kalayaan at pugnasin ang makabayang damdaming nagbibigay ningas sa hangaring ito. Upang maisagawa ito, kailangang makuha ng pamahalaang Amerikano ang simpatya’t suporta ng mga nakapag-aral na Filipino at gayundin, ang pangkaraniwang tao sa kalakhan na ipagkakaloob din naman talaga ng mga Amerikano ang kalayaan sa pinakamalapit na panahon. Subalit kailangan munang maipakita ng mga Filipino ang kanilang pagkilala’t pagkaunawa sa kahalagahan ng prinsipyo ng kasarinlan at demokrasya at higit sa lahat, ang kakayahang maipakitang may kakayahan na silang mamuno.” (Quibuyen 46)

Bahagi ng taktika ng pasipikasyon at kooptasyon sa mga mamamayang tutol o kritikal sa bagong dispensasyon ay ang paggamit ng mga imaheng magbibigay suporta at pagkalinga sa disenyong kolonyal ng mga Amerikano.

[...] ang istrategikong paggamit kay Rizal ng mga Amerikano, at ang kanyang pag-imbulog sa kalagayan ng pambansang bayani ay bahagi ng istrategiya ng Estados Unidos na patahimikin ang Pilipinas. Ang pagsasatexto ng buhay at kamatayan ni Rizal ay bahagi rin naman ng sinadyang istrategiyang likhain si Rizal bilang tagapagsibilisa at edukador - isang paragon ng kapangyarihang pastoral. (Tremlett 223)

Kalinsabay nito ang paglikha sa dalawang batas na lalo pang nagbanyuhay sa kadakilaan ni Rizal. Noong Setyembre 28, 1901, sa bisa ng Act No. 243, ipinag-utos ang pagtatayo ng monumento ni Rizal sa Luneta at noon namang Pebrero 1, 1902, sa bisa ng Act No. 345, ginawang pambansang paggunita ang pagkamatay ni Rizal tuwing Disyembre 30. Sabihin pa, sa kalagitnaan ng pamumuno ng mga Amerikano, ganap na ang kanonisasyon kay Rizal at ganap na rin ang paggamit sa kanya bilang kultural na sandata upang bigyang dahilan ang pananakop ng mga Amerikano sa bansa.

Kaya naman, katulad din ng iba pang lugar sa bansa, hindi nakaligtas ang Mauban sa proyektong ito. Subalit pansinin na hindi kagaya ng mga bayan at lungsod sa

Pilipinas, hindi sa plaza/liwasang bayan itinayo ang rebulto ni Rizal bagamat ito na ang nakagawian sa maraming bayan. Sa Mauban, itinayo ito sa Calvario. Ano ang ibig sabihin nito? Pansinin ding hindi ang lokal na pamahalaan noon na pinamumunuan ni Filomeno Pastrana ang may inisyatiba ng proyekto. Ang paglalagay kay Rizal sa Calvario ay isang sibikong inisyatibo ng mga kabataang miyembro ng Mauban Circle.

Dalawa ang posibleng gawing pagbasa dito. Una, maaaring makita ang proyektong ito bilang simpleng tugon ng mga kabataang Maubanin sa panawagan ng pambansang pamahalaan na itaguyod ang dakilang ala-ala ng pambansang bayani sa pamamagitan ng konstruksiyon ng rebulto. Sa isang sulyap, ang pagtalima'y tila pagsunod at pagpapailalim sa intensyong kolonyal ng mga Amerikano. Sa aktong ito'y tila suportado nila ang kolonisasyon sapagkat umayon sila sa pambansang programang ito. Tandaang hindi lamang mga kabataan sila, nabibilang din sila sa mga kilalang angkan sa Mauban at lahat ay pawang mga nag-aaral sa Maynila. Ibig sabihin, maaaring kaagapay ng pamahalaang kolonyal ang mga nabibilang sa naghaharing uri sa proyektong gawing lehitimo ang kanilang naising ipagpatuloy ang pagsakop sa Pilipinas. Kung hindi nga naman sangayon si Rizal sa biglaang kalayaan, ano pa tayong mga 'karaniwang tao' lamang? Nagahum kaya ang mga kabataang Maubanin? Aking panukala na may ibang himatong ang mga kabataang Maubanin sa kanilang paglalagak ng rebulto ni Rizal sa Calvario. Ang pagpili sa Calvario ay may dagil pulitikal at sabihin pa, kritika sa patakarang kolonyal ng mga Amerikano.

Tandaang sa pagtatakda ng pook kung saan maaaring galawan ng mamamayan, ang plaza ng bayan ang sentro. Dito, mas ramdam ang kapangyarihan ng simbahan at pamahalaan. Kaya naman, sa usaping panglunan at simbolikal, anumang rebultong nasa perimetro ng dalawang monolitikong istrukturang ito ay maaaring sabihing sakop ng kumbati ng kapangyarihang kanilang kinakatawan. Pagsuporta ito, halimbawa, sa paliwanag ni Watts kung saan binanggit niya na:

“ang lunan ay isang ispesipikong uri ng kapookan, isang lagakan ng kapangyarihan, at dahil dito'y kaparaanan kung saan ang mga subheto'y nangakukulong, nadidisciplina at ginigiyagis sa loob ng mga lunan ng panlipunang kontrol.” (2009, 117, tingnan din halimbawa si Rofel 2009)

Subalit ang rebulto ni Rizal sa Mauban ay nasa Calvario na nasa labas ng plaza ng bayan at mas mataas ang kinalalagyan kaysa sa simbahan at munisipyo. Kaya naman, 'pinalaya' ng mga kabataang Maubanin si Rizal mula sa pagkakulong sa pinagsanib na lunang ito ng simbahan at pamahalaang sibil. Kung naroon si Rizal, maaaring makitang “manliliit” siya sa dominanteng pigura ng kolonyalismo. Sila'y nagpapabansot sa puwersang kinakatawan ni Rizal.

Sa pagpili ng Calvario bilang luklukan ng rebulto ni Rizal, aking suring itinataas ang pedestal ni Rizal malayo sa abot ng gahum ng simbahan at pamahalaan. Pinalaya siya sa isang mapaniil na lunan at inilagak sa isang pook kung saan magkakaroon ng tagpuan ang malayang lunan ng pagpapakahulugan ng mga taong makakakita sa kanya. Sa pamamagitan ng pagpili sa Calvario, inilayo ng mga kabataang Maubanin ang rebulto mula sa sipat at saklob ng simbahan at pamahalaan. Malayo sa awtoridad, nagkakaloob ito ng kalayaan sa mga titingin na mapalaya ang kanilang pagbasa kay

Rizal malayo sa dominanteng kumbati ng mga nasa kapangyarihan, partikular na sa saklob ng impluwensya ng gahum ng kolonyal na pamahalaan. Kung gayon, malay ang mga kabataang Maubaning ito sa alamat ng Calvario na maaaring noo'y bukambibig na ng marami. May referensyal na ugnayan ngayon ang alamat at ang paglalagak kay Rizal sa tuktok ng Calvario. Ang paglalagay kay Rizal sa tuktok ng Calvario sa madaling salita ay upang italaga sa kanya ang isang malayang lunan kung saan mas malinaw na mababasa ng mga Maubaning ang "tunay" niyang naisin sa bayan na may ugnay din naman sa alamat ng Calvario. Dagdag pa, sa paglalagay nila sa mas mataas na lugar kay Rizal, nais nilang gawing mas lantad ang wangis ni Rizal bilang representasyon ng kalayaang pinagbuwisan nito ng buhay.

Tandaan nating sa pagkamatay ni Rizal, pumaimbulog na ang kanyang imahe sa kalawakan ng di-mabilang na pagpapakahulugan at walang iisang pagtanggap na namayani. Bagamat ginamit siya ng mga Amerikano bilang cultural icon upang bigyang lehitimasyon ang kanilang di-kagyat na pagbibigay ng kalayaan sa bansa (Arcilla, 1998; Schumacher, 1991), maaari rin namang basahin/tanggapin siya sa ibang paraan. Ang pagtatayo ng rebulto ni Rizal sa Calvario imbes sa plaza ng bayan ay maaring makita bilang isang subersibong aktong nangangahulugang kritikal ang mga kabataang Maubaning sa bersyong ipinapamarali ng mga Amerikano kay Rizal. Pansinin ding sa pagpili ng Calvario, pinatitingkad ang ugnayan nina Rizal at Kristo na nag-alay ng buhay para sa ikatutubos ng buhay ng nakararami. Hindi ba nama't sa maraming pag-aaral na ginawa ukol sa pagtanggap kay Rizal ng mga Filipino, isa sa mga namumukod tangi ay yaong pagbasa kay Rizal bilang bagong Kristo (Covar 1975, 1991; Chua, MC 2011; Gorospe 1992; Ileta 1998; Iya 2012; Tremlett 2002)? Pareho silang 'inakyat' sa Calvario. Kaya naman, sa tuwinang pag-akyat sa Calvario, ito'y pag-akyat at pagpapahirap sa sarili tungo sa imahe ni Rizal na ang sambit ay kalayaan mula sa danas ng kahirapan/kolonyalismo.

Sa kasalukuyang panahon ay may bagong kumbati sa Calvario. May bagong lunang kumukumbati sa mga dating lunang naluluklok dito. Ito ang kumbati ng mga Maubaning naninirahan sa Amerika.

Noong Agosto 10, 1989, sa bisa ng Ordinansang Pambayan 131 ng Sangguniang Bayan ng Mauban, pormal na ipinagkaloob sa Mauban USA of Northern California ang opisyal na pagkalinga sa Calvario. Ang samahang ito ay nabuo noong Disyembre 17, 1978. Una itong tinawag na Mauban Circle of California at ginawa namang Mauban USA of Northern California, Inc. noong Marso 17, 1989 (Santos 2005)¹². Noong taong 2000, may 42 na miyembro ito at aktibo sa mga proyektong tumutulong sa Mauban partikular na sa pagbibigay ng iskolarship sa mga kabataang Maubaning. Nagbibigay din ito ng tulong sa mga paaralan sa Mauban sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga aklat at kagamitang pang-opisina. Subalit ang pinakakilalang proyekto nito ay ang pangangalaga sa Calvario.

Sa pamamagitan ng halagang nabanggit, pinasimulan ang lalo pang pagpapaganda dito. Bagamat kilala ang pook sa katawagang Calvario, pormal na binura ito sa pamamagitan ng paglalagay ng isang malaking mural sa pagpasok ng burol kung saan inilagay ang bagong pangalan nito: Rizal Hill Park. Pinaganda rin ang paligid sa pamamagitan ng paglalagay ng mga upuan, pagpipintura sa pedestal ni Rizal at laging paglilinis sa masukal sa kapaligiran nito. Nilagyan na rin ng permanenteng tarangkahan ang lugar at isinasara ito sa pampublikong pagbisita sa ganap na ika-5:00 ng hapon. Nagtalaga rin ng isang tagapagbantay sa lugar upang maiwasan ang gawi ng mga kabataang bumibisita rito na sulatan ang mga pinturadong istruktura o dili naman kaya'y sirain ang maraming upuan

at pahingahan sa paligid nito. Sa madaling salita, binigyan ng bagong pagtanggap at mukha ang Calvario ng Mauban. Hindi na lamang siya Calvario na lunan ng alamat, may nananahan na engkanto at rebulto ni Rizal, isa na rin siyang kaaya-ayang lugar pasyalan na may sambit ng modernidad. Ano ang pagpapakahulugang maaaring sambitin sa pag-angkin'sa Calvario ng mga Maubaning nasa Estados Unidos?

Sa pag-angkin ng samahang ito sa Calvario, ang pook na ito'y muling lumikha ng panibagong lunan kung saan ang kumbatiha'y may partisipasyon na ngayon ng mga wala sa Mauban. Ang kanilang pagkawala'y kanila rin namang pagiging naroroon. Sa panahon ng modernidad kung saan karamihan, lalo na yaong nangibang bayan, ay nakakaranas ng kawalan ng kapookan (placelessness) (Escobar, 2001), ang kumbating kanilang nilikha ay ang lunan ng kanilang paggiigit sa kanilang pagtiyak na ang kanilang kawalan ay nagbubunsod din naman ng kanilang kapookan (being in place). At bilang mga ahente ng kaunlaran at modernidad bunsod ng kanilang paninirahan sa Estados Unidos, ang pagpapalit ng pangalan ng Calvario patungong Rizal Hill Park ay pagsasakongreko rin ng 'modernistang' presensya ng Mauban USA of Northern California sa Mauban. At sa kumbating ito sa lunan, tatangkain nilang tabunan ang mga dating lunan na mayroon sa Calvario. Dapat mawaglit ang paniniwalang may engkantong nananahan doon bunsod ng alamat na nakapaloob dito. Nabaon na rin ang maaaring pulitikal na dahilan kung bakit napundar sa tuktok nito ang rebulto ni Rizal. Kailangang mangibabaw ang kanilang modernong kumbati sa lunan. Moderno, at hiwalay sa luma at dati, kung saan pinapakahulugan na malaya mula sa mga pamahiin at mito, mga kaugnayan sa nakapupugto ng hiningang lokalidad at parokyalismo (Tremlett, 2002).

Ang bagong estetikong bihis ng Calvario ay pagtatampok sa halagahin ng bagong subhektibidad sa buhay ng mga Maubanin sa Estados Unidos. Mga Maubanin sila pero naninirahan sa bansang bukal ng modernong buhay. Kaya naman, iba sila. Kinakatawan nila ang mga pangarap ng kaunlaran sa buhay na panaginip lamang para sa maraming mga Maubanin. Sa pamamagitan ng Calvario, ibinabahagi nila ang kanilang karanasan sa iba. Ang danas ng modernidad ay hindi na lamang maaaring angkinin ng mga Maubaning naninirahan sa Estados Unidos bagkus ay maaari naring kamtin ng mga Maubaning nasa Mauban sa pamamagitan ng kalugurang dulot ng kaaya-aya at modernong pasilidad at dama ng Rizal Hill Park.

Yaong mga simbolo ng kaunlaran at modernong buhay ay may extensyon na sa Mauban. Aakyat ang mga Maubanin sa Rizal Hill Park upang danasin ang modernong vista ng binago at pinagandang Calvario. Kasabay nito, aangkinin ng mga Maubanin ang wala sa kanila, ang wala sa Mauban, ang ginhawa at lugod na dulot ng isang parkeng pinagkalooban ng bagong bihis ng mga Maubanin wala sa Mauban sapagkat silang mga wala'y dapat na maramdaman ng mga naroroon ang presensiya, ang kairalan ng kanilang kaibahan, malayo sa lumot ng mga alamat at mga kwentong bayang walang puwang sa modernong mundo ng mga Maubaning naninirahan sa Estados Unidos. Kaya naman, pansining estratehiko at pulitikal ang bagong pangalan ng Calvario. Kagaya ng nabanggit, pagbubura ito sa mga naunang lunan ng kumbatihan upang iakda ang kanilang sariling kumbati at paglikha na rin ng bagong lunan hatid ng kanilang estado sa buhay at ang mga senyales na kinakatawan nito. Ang Calvario'y isa na lamang magandang pasyalang bayan na kumakatawan sa modernong tunguhin ng Mauban bilang destinasyong panturista at lunan ng pagkanaroroon sa kawalan ng mga Maubaning nananahan sa Amerika. Kinakatawan na ngayon ng Calvario ang nararapat na hinaharap ng Mauban: moderno at progresibo. Nasa Calvario na rin ang Amerika.

Hindi na ito ang dating Calvario bagkus ay isang parke na may tunog banyaga bagamat ipinangalan sa isang Filipino. Sa pamamagitan ng opisyal na pagkubakob ng mga Maubaning nasa Amerika sa Calvario, pormal na ipinararating nila ang pagmamarka sa kanilang bahagi sa kasaysayan ng Mauban, ang kanilang presensya sa pook na hindi sa kanila at kailanman’y hindi magiging kanila. Ang kanilang pagkawala ay pinalitan ng kanilang paggigiit na okupahin ang Calvario at isulat ang kanilang pag-iral sa pamamagitan ng “pagpapaganda” dito. Ang kanilang pagkawala ay kailangang magkaroon ng materyal na pag-iral at kailangang ikumbati ito upang makalikha ng lunan sa kasaysayan ng bayan. Sa pagpapangalan sa Calvario bilang Rizal Hill Park, inaangkin na rin ng mga Maubaning ito ang bisa ng halagahin ni Rizal sa kasaysayan. Kagaya ni Rizal, sila rin ay lagalag subalit laging nagbabalik sa bayang sinilangan upang mag-ambag ng sarili. Bukod dito, masasabing may identifikasyon rin at pakikibahagi sa pagkabayani ni Rizal bunsod ng kanilang pagiging “bagong bayani” bilang mga manggagawa sa ibang bansa (Moon 2009).

Ang kumbating ito ng mga Maubaning naninirahan sa Amerika ay pagbibigay ng panibagong identidad at interpretasyon sa Calvario, paglikha ng panibagong lunan sa mga lunang nalikha na sa pook pasyalan na ito katulad ng ginawa ng isang katutubong Maubaning na sumulat ng alamat ng Calvario at ng Mauban Circle sa pamamagitan ng pagtatayo ng rebulto ni Rizal sa tuktok nito. Kaya naman, maaaring makita sa kasalukuyan ang Calvario bilang luklukan ng aspirasyon ng mga Maubaning sa Amerika para sa Mauban. Ang lunan ng mga nawala sa Mauban bunsod ng paghahanap ng ikabubuhay ay nasa Calvario na rin naman.

Sa lahat ng mga kumbatihan ng lunan na ito na aking itinanghal, hindi naman ganap na nasupil ng bagong kumbating ito ang mga dating kumbatihan ng lunang nabanggit sa una. Sumisirit pa rin ang mga dating kumbati na pilit na sinusupil ng bagong kumbating ito, partikular na yaong mga kaugnay na naratibong tungkol sa kahiwagaan ng Calvario. Umaalingawngaw pa rin sadya ang naunang kumbati ng lunan. Halimbawa, marami pa rin ang naniniwalangmayroong engkantong nananahan sa Calvario. Marami pa ring Maubaning ang ayaw abutin ng takip-silim doon sa takot na pagpakitaan sila ng mga engkanto. Sa mga araw na bumibisita ako halimbawa at aabutan ng takip-silim, hindi lamang papalabasin ako ng tagabantay, bagkus ay ipapaalala rin sa akin na baka ako’y paglaruan ng mga engkanto kung abutan ng dilim. Ayon naman sa mga nakatira sa paligid ng Calvario, sa kalagitnaan ng gabi, nagigising sila sa tawanan ng mga batang naghahabulan sa hagdanan ng Calvario (Calderero, 2012). Nang magkasunog sa buong bayan na tumupok ng hindi mabilang na bahay noong dekada 80, ipinalagay ng marami na nagalit ang engkantong naninirahan sa Calvario dahil tinabasan ng kung sino ang isang bahagi nito na dapat panatilihin masukal. Dagdag pa, patuloy pa rin ang paniniwalang may kayamanang nakabaon dito katulad ng nasasaad sa alamat. Sa gabing bilog daw ang buwan, sa itaas ng Calvario, lumalabas ang isang gintong bakang nagabantay sa kayamanang nakabaon doon, kagaya ng nabanggit sa huling bahagi ng alamat. Sa pangkalahatan, habang may nagpipilit na dominanteng kumbati ng lunan - ang kumbati ng mga Maubaning sa Estados Unidos - lumiligwak pa rin ang mga posibilidad ng katotohanang dala ng mga dating kumbatihan ng lunan.

Paglalagom

Sa papel na ito, nagtangka akong ipakita sa pamamagitan ng pagsipat sa Calvario ng Mauban bilang heterotopia ang mga kumbatihan sa lunan na “maririnig” dito. Gamit ang isang alamat, ang paglalagak ng rebulto ni Rizal sa tuktok nito at ang transformasyon nito bilang pook pasyalan sa pamamagitan ng inisyatiba ng mga Maubaning naninirahan sa Amerika, aking ipinanukala ang kahalagahan ng nosyon ng lunan at ang kaagapay na pagsasalunan ng ating imahinasyon upang magagap ang kaganapan panlipunan na nakapaloob sa mga pook ng ating bayan. Pagtalima ito sa paniniwalang maraming naratibong hindi lantad at hindi na madinig bunsod ng pamamarali ng panahon kumpara sa lunan sa ating kumbatihang pangkasaysayan. Kaya naman, nararapat na halungkatin ang mga naratibong ito sa mga pook at pansinin ang mga magkakasusong lunan na kinapapalooban ng mga kumbati ukol sa nakaraan at kasalukuyan.

Ang pagpili sa Calvario ng Mauban bilang heterotopia ay pagbibigay pukaw na rin sa kaibahan nito sa iba pang mga pook pampubliko. Ang pagtatanghal sa Calvario bilang tagpuan ng mga salimbayan at magkakasalikop na lunan ng nagdaan at kasalukuyang kasaysayan ay paglalantad na rin sa obserbasyon ng iba na ang pagkaheterotopia nito ay bunsod ng kakayahan nitong umangkin, angkinin at maglaman ng mga salimbayang lunan. Heterotopia ito sapagkat mayroon itong mga kakanyahang wala ang iba na magtakda ng alternatibong mga kumbating nagbubunsod ng mga panibagong konfigurasyon ng kanyang kapookan. Sambit nga ni Hetherington:

Hindi umiiral ang mga heterotopia para sa ganang sarili lamang: ang konstitusiyon ng mga ispesipikong kapookan ay nakasalalay sa kanilang balintunang relasyon sa iba pang mga pook, at dahil din naman sa ganitong relasyon - ng kaibahan at pagkaudlot - na ang kabalikwasang salalayan ay nagiging lantad at kongrekto sa pamamagitan ng laro ng lunan. (1997, 139)

Sa pamamagitan ng pagsuri sa tatlong kultural na textong tila walang ugnay sa bawat isa, naipakita ang sambit ng pambansang kasaysayan sa lokal na pag-aapuhap ng kaakuhan. Nabigyang pansin din na ang mga istruktura ay mga pook-tunggalian ng mga alaala at naratibong likha ng nagbabagong panahon at dispensasyon. Nalilikha natin ang mga lunan batay sa ating karanasan at sambit ng ideolohiyang sa ati’y nagluwal. Isinusulat natin sa mga istruktura at lumilikha tayo ng mga naratibong ang tuon ay pagbibigay kahulugan sa ating pinagmulan at tunguhin. At sa mga naratibong ito, nabibigyang porma ang mga posibilidad at pluralidad ng pagsasalunan ng pang araw-araw nating buhay. Ayon nga kay Massey:

ating inuunawa ang lunan bilang kasaklawan ng posibilidad ng pag-iral ng kadamihan sa usapin ng magkakasabayang pluralidad; bilang kasaklawan kung saan ang mga mapamukaw na pagkilos ay umiiral; bilang kasaklawan kung ganoon ng magkasabayang maramihan. Kung walang lunan, walang multiplisidad, at walang multiplisidad, walang lunan. Kung ang lunan ay talagang produkto ng mga ugnayan,

nararapat kung ganoon na ito'y nakasalalay sa pag-iral ng pluralidad.

Ang multiplisidad at lunan ay magkasalikop at iisa. (2009, 9)

Sa Mauban, ang Calvario ang lunan ng kumbatihang nagsasalimbayan at nagpapatungan upang bigyang liwanag at kuro ang ilang bahagi ng pambansang kasaysayan sa lokal na pagpapakahulugan. Kaya naman, ang Calvario ng Mauban ay makikita bilang isang heterotopia --- lunan ng mga pwersa at ahensyang naggigiit ng kanya-kanyang pag-iral sa iba-ibang panahon at pagkakataon.

Ang mga lunang nananahan sa Calvario - lunan ng alamat, ng rebulto ni Rizal at ng pagsasanaroron ng kawalan ng mga Maubaning nasa Estados Unidos - ay pagbibigay hugis sa mga kumbatihang dumadaloy sa kasaysayan ng Mauban at kasalikop na rin ang mga hibla ng pambansa at global na pwersang panlipunan. Sa Calvario, ipinapahiwatig na maaaring panabayang umiral ang iba-ibang lunang pangkasasayan na hatid ng mga kumbatihan ng mga indibidwal, grupo ng indibidwal at mga pwersang panlipunan sa Mauban. Bagama't hindi lutang at kailangan sa gayong ilantad, nagsasanib sa iisang pook ang mga lunang produkto ng mga tunggalian at pagigiit ng bawat isa, bawat naninirahan sa Mauban, sa kanilang pag-iral sa isang bahagi ng kasaysayan. Bawat pingas ng kasaysayang pambayan ay naluluklok sa mga lunan sa Calvario.

Ang heterotopia ng Calvario kung ganoon ay pagdinig din sa patung-patong na boses na may kanya-kanya sambit sa partikular na bahagi ng kasaysayang pambansa. Sinasalamin nito ang kakayahan ng tao na itundos ang kanyang pag-iral sa pamamagitan ng paglikha ng panariling hulma sa konfigurasyon at tunguhin ng mga pook. Kaya naman, ang katangiang heterotopia ng Calvario ay pagpapalutang din sa kayamanan at kasalimuotan ng mga pook. Ang Calvario ay pagtatampok sa kairalan ng mga pook kung saan ipinakikilala na " nagpapatuloy na kasiglahan ng pook at paglikha ng pook para sa kultura, kalikasan, at ekonomiya." (Escobar141)

Bunsod ng kakanyahang heterotopia ng Calvario, nabigyang diin ang ahensya ng indibidwal - lagpas sa pwersang mapaniil ng mga hegemonyang istruktura sa lipunan - na lumikha ng mga kumbating naglalantad sa kakayahan nating lahat na iakda ang ating unawa sa kung ano at paano tayo gumagalaw sa ritmo ng kasaysayan. Dito, ang mga pook ay hindi basta istruktura na puwedeng panirahan, pasyalan, o masdan.

Mayroong salimbayang kahulugan ang mga pook na hinahabi sa lunan.

Ang pisikal, emosyonal at pangkaranasang reyalidad ng mga pook ay

kailangang maunawaan kalinsabay sa kanilang paglikha bilang mga

pook ng etnograpiya. (Rodman 641)

Ang Calvario sa ganitong sipat ay pagtatanghal ng unawa na anumang istruktura ay may panariling kasaysayan at may mga kumbatihang panlunan na kailangang pakinggan, at unawain upang sa ganoon ay malantad ang mga tunggalian at talabtabang laging kaakibat ng anumang pook sa bansa. Bilang pook, ang Calvario ay konglomerasyon ng mga pangyayaring lokal, nasyunal, at global. Ang pook din ay tagpuan ng mga pisikal at mental na mga konstruksyon sa kasaysayan. Ayon nga kay Hudson:

Ang mga pook ay masalimuot na katauhan; sila ay *ensembles* ng mga materyal na bagay [...] at mga sistema ng panlipunang ugnayan na may pansariling kakanyahang pangkultura at salimbayang pakahulugan, identidad at mga gawain. (2001, 255)

May pangangailangan kung ganoon, sa kasalukuyang panahon, na hindi lamang pang-agham o pangkasaysayang imahinasyon ang isuhay, bagkus ay paglalangkap sa dalawang ito ng karagdagang heograpikal na imahinasyon (Gregory 1994) o dili kaya'y mabigyang pansin din ang panawagan noon pa ni Braudel (1984) na “ang lahat ng agham panlipunan ay kailangang lumikha ng puwang para sa heograpikal na paglikha-diwa ng tao” (Watts 118). Kung magawa natin ito, mas magiging maigting ang pagdanas ng buhay at hindi lamang boses na naririnig ang napapakinggan bagkus ay yaon ding piping tinig ng mga pook na nagsisiwalat ng talabtaban ng mga lunan ng pag-iral.

MGA TALA

¹Sa Mauban, may dalawang katawagan tungkol sa kuwentuhan, ang istoryahan at kumbatihan. Sa istoryahan, ang paksa kalimita'y magaan katulad ng pang araw-araw na buhay o dili kaya'y mga kaganapan sa paligid na hindi nangangailangan ng malalim o mahabang talakayan. Sa kumbatihan naman, mas may talabtaban ng opinyon ang usapan sapagkat pumapaloob ang mga nag-uusap sa mas maselan o dili kaya'y kontrobersyal na mga usaping panlipunan o pulitika. Sa papel na ito, sa ganitong perspektiba gagamitin ang kumbatihan na may alingawngaw sa katulad na salitang diskurso.

²Lunan ang aking lipat-wika ng salitang space.

³alon

⁴Sa akin ang salin mula sa orihinal na Ingles gayundin ang mga susunod pangsipi sa mga banyagang awtor.

⁵bigyang hugis

⁶kulay

⁷Halaw ang kalakhan ng tala dito mula sa aklat ni Genoveva Calleja-Ingles na "Kasaysayan ng Mauban."

⁸Tinangka ng mananaliksik na maghanap ng mga dokumentong magbibigay linaw sa samahan, subalit siya'y bigo. Kahit ang mga kamag-anak ng mga dating miyembro nito ay walang maipagkaloob na impormasyon. Patay na rin ang mga miyembro nito at sinasabing pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pangdaigdig, kusang nalusaw ang samahan. Subalit sa mga unang tatlong

⁹Sa kasalukuyan, ang Pamahalaang Bayan na ng Mauban ang siyang aktibong nangangalaga ng pagsasaayos at pangangalaga sa Calvario. Kumbaga, pumasok na ang panibagong rehimen ng pagkubakob sa lunan ng pasyalang-bayan na ito. Sa analisis na ihihimatong ng papel na ito, hindi na papaksain ang pinakahuling pagsasalunan ng kasaysayang kinakatawan ng lokal na pamahalaan.

¹⁰Maalat o lasang maalat. Sa Mauban, sa mga lugar na kalapit ng dagat, ang tubig tabang na nagmumula sa gripong nakabaon sa lupa ang tubo at hindi sa mga sentrong daluyan ng tubig ay sinasabing matabsing kung lasang maalat.

¹¹implikasyon

MGA SANGGUNIAN

Aguilar, F. *The History of Power and Sugar Planter Hegemony on a Visayan Island*.
Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998. Nakalimbag.

Andriotis, K. "Heterotopic Erotic Oases: The Public Nude Beach Experience." *Annals of
Tourism Research*, 37(4), 2010. 1076-1096. Nakalimbag

Arcilla, J. (*1An Introduction to Philippine History*. Quezon City: Ateneo de Manila University
Press, 1998. Nakalimbag.

Barnes, Trevor J. and James S. Duncan, eds. *Writing Worlds*. London: Routledge, 1992.
Nakalimbag.

Berger, J. *The Look of Things*. New York: The Vikings Press, 1974. Nakalimbag.

Berger, J. *An Unfortunate Man*. London: Writers and Readers Publishing Cooperative,
1976. Nakalimbag.

Braudel, F. *The Perspective of the World*. New York: Harper and Row, 1984. Nakalimbag.

Calderero, G. Panayam. Mauban, Quezon. August 15, 2012. Nakalimbag.

Calleja-Ingles, Genoveva. "Kasaysayan ng Mauban." Maynila: WP. 1956. Nakalimbag.

Coffey A. *The Ethnographic Self: Fieldwork and the Representation of Identity*. London:
Sage, 1999. Nakalimbag.

Covar, Prospero. *Philippine Folk Christianity*. Quezon City: Philippine Social Science Council, 1975. Nakalimbag.

Covar, Prospero. "Pagtanggap ng samahang milinaryan kay Gat Dr. Jose Rizal." Nasa: *Himalay: Kalipunan ng mga Pag-aaral kay Jose Rizal*. Melendrez-Cruz, P. and Chua, A., eds. Manila: Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, 1991. pp. 426-442. Nakalimbag.

Chua, MC. *Ang Panginoong diyos, Ang Inang Bayan at si Jose Rizal ay lisa!: Ang Diwang Katutubo na Nanatili sa mga Kapatirang Rizalista*. Quezon City: Rizal in the 21st Century, 2011. Nakalimbag.

Cruz-Lucero Rosario. "Judas and his Phallus: The Carnavalesque Narratives of Holy Week in Catholic Philippines." *History and Anthropology* 17(1), 2006 39–56. Nakalimbag.

Ellis, C., Adams, T., Bochner, A. *Autoethnography: An Overview*. Forum: Qualitative Social Research 12(1), 2011. Nakalimbag.

Ferro, M. *Katipunan ng mga Alamat*. Lucena: M. Almira-Ferro, 1980. Nakalimbag.

Foucault, Michel. *Power/Knowledge: Selected Interviews and Other Writings 1972-1977*. New York: Pantheon Books, 1980. Nakalimbag.

Foucault, Michel. *The Foucault Reader*. New York: Pantheon Books, 1984. Nakalimbag.

Foucault, Michel. *Madness and Civilization: A History of Insanity in the Age of Reason*. New York: Vintage Books, 1988. Nakalimbag.

Foucault, Michel. *Power*. New York: The New Press, 1994. Nakalimbag.

Foucault, Michel. *Discipline and Punish: The Birth of the Prison*. New York: Vintage Books, 1995. Nakalimbag.

Foucault, Michel. "Of Other Spaces: Utopias and Heterotopias." In: Leach, N. (ed). *Rethinking Architecture: A Reader in Cultural History* London: Routledge, 1997. 348-356. Nakalimbag.

Gagne, N. "Eating local in a U.S. City: Reconstructing "Community" - a Third Place - in a Global Neoliberal Economy." *American Ethnologist*. 38 (2), 2011. pp. 281-293. Nakalimbag.

Geertz, C. *Local Knowledge*. London: Fontana Press, 1993. Nakalimbag.

Gorospe, V. "Mount Banahaw: The Power Mountain from Ritualism to Spirituality. *Nasa Philippine Studies*, 40 (2), 1992. pp. 204-218. Nakalimbag.

Greenblatt, S. *Marvelous Possessions: The Wonder of the New World*. Oxford: Oxford University Press, 1991. Nakalimbag.

Gregory, D. *Geographical Imaginations*. Cambridge MA: Blackwell, 1994. Nakalimbag.

Guieb III, Eli. *Anin, laud, beltay, pandaw, dagoy: Lunan, kaakuhan, kapangyarihan sa texto ng mga komunidad kostal sa Hilagang Palawan*. M.A. Tesis. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, 2000. Nakalimbag.

Guillot, X. "The 'Institutionalization' of Heterotopias in Singapore." In M. Dehaene & L.D.

- Cauter (Eds). *Heterotopia and the City: Public Space in a Postcivil Society*, (pp. 179- 188). London: Routledge, 2008. Nakalimbag.
- Harvey, D. *The Condition of Postmodernity*. Oxford: Basil Blackwell, 1989. Nakalimbag.
- Harvey, D. *Spaces of Global Capitalism: Towards a Theory of Uneven Geographical Development*. London: Verso, 2006. Hetherington, K. *The Badlands of Modernity: Heterotopia and Social Ordering*. London: Routledge, 1997. Nakalimbag.
- Hudson, R. *Producing Places*. London: The Guilford Place, 2001. Nakalimbag.
- Ileto, R. *Filipinos and their Revolution: Event, discourse and historiography*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998. Nakalimbag.
- Ingles, R. *Panayam*. Manila. Marso 23, 2005.
- Iya, P. *Jove Rex Al: The making of Filipino Christ*. The Asian Conference on Ethics, Religion and Philosophy: Osaka, 2002. Nakalimbag.
- Jocano, FL., ed. *The Philippines at the Spanish Contact: Some Major Contacts of Early Filipino Society and Culture*. Quezon City: Philippine Center for Advanced Studies, 1975. Nakalimbag.
- Kern, K. . "Heterotopia of the Theme Park Street." In M. Dehaene, & L.D. Cauter, L.D. (Eds.) *Heterotopia and the city: Public space in a postcivil society*, London: Routledge, 2008. 105-116. Nakalimbag.

Lee, C. K., Lawrence, J., Bendle, Y.S.Y., & Kim, M.J. "Thanatourism or Peace Tourism: Perceived Value at a North Korean Resort from an Indigenous Perspective." *Nasa International Journal of Tourism Research*, 14, 2012. 71-90. Nakalimbag.

Lefebvre, H. *The Production of Space*. Oxford: Blackwell, 1991. Nakalimbag.

Massey, D. *For Space*. London: Sage. Nakalimbag.

Mercado, L. *Christ in the Philippines*. Tacloban City: Divine World University Publications, 1982. Nakalimbag.

Mojares, R. *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2002. Nakalimbag.

Moon, J. S. "The Social Construction of Grievance and its Role in Social Movements: Overseas Filipino Workers Activism and Homeland Filipino Politics." In: *Representation, Expression and Identity*. Rahimy, T., ed. Inter-Disciplinary Press: Oxford, 2009. 115-122. Nakalimbag.

Ngunjiri, F., Hernandez, KA., Chang, H. "Living Autoethnography: Connecting Life and Research." *Journal of Research Practice* 6(1), 2010. Nakalimbag.

Petti, A. "Dubai Offshore Urbanism." In M. Dehaene, & L.D. Caeter (Eds.), *Heterotopia and the city: Public Space in a Postcivil Society*,. London: Routledge, 2008. 287-296. Nakalimbag.

Quibuyen, Floro C. *Rizal, American Hegemony and Philippine Nationalism: A Nation Aborted*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1999. Nakalimbag.

Rodman, MC. "Empowering Place: Multilocality and Multivocality." *American Anthropologist*, 94(3), 1992. 640-656. Nakalimbag.

Rofel, L. "Rethinking Modernity: Space and Factory Discipline in China." *Cultural Anthropology* 7(1), 2009. 93-113. Nakalimbag.

Saloma-Akpedonu. *Possible Worlds in Impossible Spaces: Knowledge, Globality, Gender and Information Technology in the Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2006. Nakalimbag.

Santos, F. Panayam. USA. July 17, 2005.

Schumacher, J. *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1991. Nakalimbag.

Soja, E. *Postmodern Geographies: The Reassertion of Space in Critical Social Theory*. London: Verso. Nakalimbag.

Tolentino, Rolando. "Kung hindi ngayon, kailan? Kung hindi rito, saan? Kung hindi tayo, sino? Napakaraming tanong at isyu ng tao at lipunan sa panitikan ng Pilipinas." In: Chua, A., Tolentino, R., Guieb III, E., Sicat, L., Torres-Yu, R., at Tolentino, D., (eds.). *Linangan*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1999. 30- 40. Nakalimbag.

Tremlett, PF.. "Modernity and rural religion in the Philippines." *Culture and Religion*. 3 (2), 2002. 221-234. Nakalimbag.

Turgo, Nelson.. “Bugabug ang dagat (Rough seas): Experiencing Foucault’s Heterotopia in Fish Trading Houses.” *Social Science Diliman*, 8 (1), 2012. 31-62. Nakalimbag.

Watts, M. (). “Space for Everything: A Commentary.” *Cultural Anthropology* 7(1), 2009. 115-129. Nakalimbag.

* * *

Nagtapos si **Nelson Turgo** sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman (BA English Studies - Creative Writing at MA Philippine Studies - Literature and Anthropology) at Cardiff University, Wales, UK (PhD Sociology - Global Political Economy) bilang SIRC-Nippon Foundation Fellow. Erya ng kaniyang pananaliksik ang globalisasyon; etnograpiya, hugpungan ng lokal at global sa kontekto ng mga marhinalisadong komunidad; industriya ng maritima lalo na ang pantaong elemento nito; pamayanan ng mga mangingisda; ugnayang pook-lunan at mga metodolohiya ng pananaliksik. Isa rin siyang malikhaing manunulat.

Nagpapasalamat ang awtor kina Propesor Bienvenido Lumbera, Propesor Rosario Cruz Lucero, Propesor Glecya Atienza, Propesor Galileo Zafra at Gng. Araceli Dorneo para sa tulong, inspirasyon at lahat-lahat na.